

Ang ating sistema ng kalusugan at kapansanan

Mga serbisyo ng ospital at espesyalista

Ang pag-access sa mga serbisyo ng ospital at espesyalista na may matatag at mataas na kalidad ay mahalaga upang panatilihin malusog ang lahat ng taga-New Zealand at dapat makuha ng mga tao saanman sila nakatira.

Ano ang nagbabago?

Ang mga serbisyo ng ospital at espesyalista ay kasalukuyang pinapatakbo ng ating 20 District Health Board (mga DHB). Ibig sabihin, ang mga DHB ang naging responsable sa pagtiyak kung anong mga serbisyo ang makukuha ng mga tao sa kani-kanilang distrito at kung saan naroroon ang mga serbisyong iyon.

Sa hinaharap, ang Health New Zealand ang magiging responsable para sa pagpapatakbo ng mga ospital at pagpapalano ng mga serbisyo ng espesyalista bilang bahagi ng isang malinaw na network upang matiyak na ang pag-access ay mas patas, at ang mga tao ay may tamang pangangalagala kapag ito ay kailangan nila.

Bakit?

Bagama't may kaunting pagkakaisa ang mga DHB, maaaring magkaroon ng pagdodoble-doble dahil ang mga ito ay hiwa-hiwalay na mga organisasyon, at may kakulangan ng koordinasyon sa mga serbisyo ng ospital at espesyalista. Ang mga serbisyong ito ay kadalasang nakikinabang sa di pagbabagu-bago at pagpapairal ng pinakamahusay na gawi; walang dagdag na kapakinabangan kung ididiseno ang mga ito ng DHB nang magkakaiba. Kabilang din sa mga ito ang ilang mga serbisyo ng espesyalista na minsan lamang kailangang isaayos para sa buong New Zealand.

Ang pagkakahiwa-hiwalay ng mga DHB ay humantong sa isang 'loterya ng postcode', kung saan ang hanay at kalidad ng pangangalaga ay may malaking pagkakaiba depende kung saan ka nakatira.

Gayundin, ang mga ospital ay hindi pinamamahalaan bilang isang network, na nagreresulta sa walang kahusayan at pinalampas na mga pagkakataon upang patakbuhan ang mga serbisyo nang mas patas at mahusay. Maraming mga desisyon na maaaring ginawang pambansa, gaya ng kung saan ilalagay ang mga serbisyo ng espesyalista upang pinakamabuting matugunan ang mga pangangailangan ng mga tao, o kung saan mamumuhunan ng pera para sa bagong mga pasilidad, ay kanya-kanyang ginawa ng mga DHB. Bagama't may mahusay na mga gawi sa lahat ng bahagi ng sistema, ito ay hindi madaling tukuyin at ibahagi sa mga lugar.

Ang paglipat sa isang pambansang sistema ay magpapabuti sa katatagan, pagbabahagi ng pinakamahusay na mga gawi, at pangmatagalang pagplano para sa bagong mga pasilidad at mga serbisyo kung saan pinaka-kailangan ang mga ito, upang ang lahat ay may access sa pangangalagang kanilang kailangan, kapag kailangan nila ito. Ito ay magpapahintulot din sa amin na iplanong mas mabuti ang angkop na mga modelo ng pangangalaga, pinakamagaling na paggamit ng kasanayan at mga tool (kagamitan) na makukuha namin, kabilang ang paggamit ng mga teknolohiyang digital at virtual upang mapahusay ang pag-access sa pangangalaga.

Ano ang magiging anyo nito sa hinaharap?

Ang mga serbisyo ng lokal na ospital at espesyalista ay mananatili pa ring nasa sentro ng pangangalaga sa mga lokal na komunidad, bagama't ang pangangalaga ay magiging mas matatag sa buong bansa, at nakaugnay nang mas mabuti sa iba pang mga serbisyo.

Sa Auckland man o sa Whanganui, ang mga tao ay makaaasa sa kalidad ng mga lokal na serbisyo at sila ay magkakaroon ng malinaw na impormasyon kung paano makaka-access ng espesyalistang pangangalaga kung kailangan. Ang mga serbisyo ng ospital at espesyalista ay tatakbo bilang isang network at pamamahalaan ng rehiyon upang balansehin ang pambansang katatagan at ang pinakamahusay na paggamit ng lokal na kaalaman at kasanayan.

Mangangahulugan ito na ang mga tao ay makaka-access ng mga serbisyo kahit na ang mga ito ay hindi makukuha sa kanilang lokal na ospital. Ang mas malakas na network na ito ay susuportahan ng mas mahusay na paggamit ng pangangalagang digital at virtual, upang ang kasanayan ng nangungunang mga espesyalista ay magagamit sa buong bansa.

Ang mga desisyon tungkol sa kung saan gagawa ng bagong pamumuhunan – maging sa mga serbisyo, mga gusali o iba pang infrastructure – ay sasalamin sa mga pangangailangan ng mga tao at kung saan may magagawang mabuti ang pamuhunan. Mangangahulugan ito ng mas mabuting pangangalaga para sa maraming tao.

Gayundin, ang mas mahusay na inobasyon, pagbabahagi ng pinakamahusay na mga gawi, at paglipat ng karagdagang pangangalaga sa pangunahin at pangkomunidad na kapaligiran ay magbabawas sa paghihirap ng mga ospital. Ang pangmatagalang pagplano ay magpapadali rin sa pag-alam ng magiging pangangailangan at tumugon sa pamamagitan ng pamumuhunan sa ating workforce (lakas-paggawa) at mga serbisyo.

Ano ang susunod?

Ang detalyadong disenyo ng gawain ay kabibilangan ng pakikipag-ugnayan sa sektor ng kalusugan, mga komunidad at konsyumer kung paano dapat patakbuhan ang ating mga network ng ospital at espesyalista. Isang pansamantalang organisasyong Health NZ ang itatatag sa bandang dulo ng 2021 bago maipasa ang batas na magtatatag ng opisyal na organisasyon, na malamang sa kalagitnaan ng 2022.

Gusto mo bang malaman ang higit pa?

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa gawain at progreso ng mga reporma sa kalusugan ay makukuha sa website ng DPMC sa ilalim ng gawain ng Transition Unit:

www.dpmc.govt.nz/our-business-units/transition-unit.